
1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan–Modyul 7:
## Magka-ugnay Tayo



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_AP1_ Module7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 07: Magka-ugnay Tayo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lagrimas G. Papa

**Editors:** Roselily M. Esteban, Hilda Mariano, Annaliza L. Delector

**Tagasuri:** Elizabeth R. Berdadero, Robert T. Rustia, Rey A. Pascual

**Tagaguhit:** Allen D. Manuel **,** Lagrimas G. Papa

**Tagalapat:** Jenelyn B. Butac, Jaylord Gallarde

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Rey A. Pascual
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng __________________________**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Magka-ugnay Tayo

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayangitinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin


Sa modyul na ito ay ating pag- aaralan ang mga mabubuting pakikipag- ugnayan ng sariling pamilya sa ibang pamilya sa lipunang Pilipino. Makatutulong ito upang mahubog at maisagawa ang mga magagandang pag-uugali sa pamilya at maging gabay ito sa pakikipag-ugnayan sa ibang pamilya.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:
Natutukoy ang mga halimbawa ng mabubuting pakikipag- ugnayan ng sariling pamilya sa iba pang pamilya sa lipunang Pilipino at nasasabi ang kahalagahan nito.



## *Subukin*

**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan. Iguhit ang  sa patlang kung ang larawan ay nagpapakita ng magandang ugnayan ng isang pamilya at ang  kung hindi.



_____1.



___2.



_____3.



_____4.



____5.

| Aralin 7 | Magka-ugnay Tayo |
|---|---|

## Balikan

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagtugon sa mga alituntunin ng pamilya at ekis (**X**) naman kung hindi.

_______1. Nagliligpit ako ng pinaghigaan ko.

_______2. Tumutulong ako sa paglilinis ng bahay bago maglaro.

_______3. Naglilinis ako sa bahay kahit hindi ako inuutusan.

_______4. Sumasagot ako ng may paggalang kapag ang kausap ko aynakatatanda.

_______5. Ginugulo ko lang sina nanay at ate sa paglalaba.



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin at unawain.

# Malasakit

ni Lagrimas G.Papa




Sa baryo Balite ay may isang mag-anak na kilala sa lugar dahil sa kanilang hanap-buhay at sa kanilang mabuting pakikitungo sa kanilang mga kapitbahay. Sila ang pamilya Dimagiba.

Ang buong pamilya ay nagtutulungan sa paghahanap- buhay para matugunan ang pang araw- araw na pangangailangan. Ang ama ng tahanan ay kilalang nangangalakal sa lugar at ang ina naman ay naglalabada sa mga kapit-bahay.





Ang dalawang anak ay pumapasok sa paaralan mula Lunes hanggang Biyernes at tumutulong sa mga gawaing bahay tuwing Sabado at Linggo. Isang Sabado, habang naghahanap-buhay ang ama at ina ng pamilya Dimagiba, nagkaroon ng malaking sunog sa kanilang lugar.



Dali-daling umuwi ang mag-asawa sa bahay dahil sa kanilang pag-aalala sa iniwang mga anak sa tahanan.Pagkadating nila sa bahay, nakita nilang nilamon ng apoy ang kanilang bahay. Umiyak nang napakalakas ang ina. Narinig ito ng kaniyang mga anak na nagmamadaling tumakbo sa kinaroroonan niya. “Inay, ligtas po kami.” Ang sambit ng nakatatandang kapatid.



Iniligtas po kami ng ating kapit-bahay na si Mang Andoy."

"Maraming Salamat, Andoy."


Humihikbing wika ng ina.


"Walang anuman. Sino-sino pa ba ng magtutulungan dito sa ating barangay kung hindi tayo-tayo din."

Nakangiting sagot ni Mang Andoy habang tinatapik ang balikat ng ama ng mga bata.

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.


1. Sino ang tumulong sa pamilya Dimagiba?






A. Pang B. Mang Andoy

2. Ano kaya ang naramdaman ng pamilya Dimagiba sa tulong na kanilang natanggap?







A. B.

3. Kung ikaw ay kapitbahay ng pamilya Dimagiba, ano-anong tulong ang maaari mong ibigay sa kanila?

A.




B.





4. Sa iyong palagay, bakit iniligtas ni Mang Andoy ang mga bata?

a. Dahil mabuti ang pakikitungo ng pamilya Dimagiba



b. Dahil manghihingi siya ng pera sa pamilya Dimagiba



## Suriin

Ang mga Pilipino ay kilala pagdating sa mabubuting pag- uugali. Ilan sa mga pag-uugaling ito ay mapagmahal sa pamilya, masayahin, magalang sa nakatatanda, pagtitiwala sa Panginoon at may pagmamalasakit sa bawat isa.

Ito ay ilan lamang sa mga mabubuting katangiang taglay ng mamamayang Pilipino sa pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Ang mga kaugaliang ito na taglay bilang Pilipino na dapat ipagmalaki at sanaying gawin sa araw-araw. Makatutulong ito upang mapagtibay ang ugnayan sa pamilya at maging maayos ang pakikisalamuha sa iba pang pamilya sa ating komunidad.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahin ang tula.

### Mabubuting Pag-uugali

ni Lagrimas G.Papa

Ako ay maypamilya,
Mapagmahal na ama't ina
Mga kapatid na nag-aaruga
Sa tahanan namin ay puno ng saya.

Sa pamilya ko ay maypagmamahalan.
Sa mga kaibigan ko'y nagtutulungan.
Sa pamayanan ko'y may pagdadamayan.
Ugnayang ipinagmamalaki ko kailanman.


Magandang pakikitungo ay ugaliin.
Masamang kaisapan sa kapwa ay alisin.
Umpisahan ito sa sarili at pamilya natin.
Kapayapaan sa pamayanan makakamit natin.

**A. Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B ayon sa katangian ng mga miyembro ng komunidad mula sa tulang binasa. Gumuhit ng linya.

| Hanay A | | | Hanay B |
|---|---|---|---|
| 1. Pamilya | ● | ● | a. mapag–aruga |
| 2. kapatid | ● | ● | b. nagdadamayan |
| 3. kaibigan | ● | ● | c. nagtutulungan |
| 4. pamayanan | ● | ● | d. masaya |
| 5. tahanan | ● | ● | e. nagmamahalan |

**B. Panuto:** Alin sa mga sumusunod na mabubuting pag-uugali ang ipinapakita ng bawat larawan? Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.


A. Pagdamay sa oras ng kagipitan
B. Mapagmahal na mga-anak
C. Nagmamalasakit sa mga matatanda
D. Masayang Pamilya
E. Tumutulong sa mga nangangailangan




1.____




2. ___





3.____ 4. ___



5. _______

## Isaisip

**Panuto:** Punan ang bawat patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

| |
|---|
| makipagtulungan |
| nagmamahalan pakikipag-ugnayan |

Laging tandaan na ang mabuting pakikitungo sa kapwa ay napakahalaga. Tulad sa isang pamilya, dapat ang bawat kasapi ay_____________at iginagalang ang bawat isa upang maging masaya, maayos at tahimik ang pamumuhay.

Paglabas ng bahay, matutong makisalamuha at magpakita ng kabutihang loob sa ibang pamilya. Dapat magmalasakit at_______________lalo na sa oras ng pangangailangan. Ang mabuting________________ay magdudulot ng matatag na relasyon sa komunidad. Ito ay makatutulong sa pagkakaroon ng payapang komunidad at pag-unlad ng bayan.

## *Isagawa*

**Panuto**. Iguhit ang masayang mukha  sa patlang kung ang pangungusap ay nagsasaad ng magandang ugnayan ng pamilya at sa ibang pamilya at malungkot  naman kung hindi.

______1. Ang pamilya mo ay laging handa sa pagtulong sa mga nasalanta ng bagyo.

______2. Inaaway ng mag-anak ang pulubing namamalimos.


_______3. Tumutulong ang pamilya mo sa paglilinis ng barangay.

_______4. Sumisimangot ka kapag hindi nabili ng nanay mo ang laruang pinakagusto mo.


_______5. Tinatawanan mo ang kapitbahay mo dahil maliit lamang ang kanilang bahay.

## *Tayahin*


**Panuto:** Punan ng tamang patinig ang mga sumusunod na patlang upang makabuo ng mga halimbawa ng magagandang ugnayan sa pamilya at ibang pamilya batay sa mga larawan.



A. P_kikip__glar__sa mga bata



B. Pagbis_t_ sa kapitbahay na may sakit




C. Pagt__ngg__p sa payo ng ina



D. Pagh__ng__ng tawad sa maling nagawa sa kapatid

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sumulat sa kahon ng isang halimbawa ng mabuting ugnayan ng pamilya mo at ng kapitbahay mo. Isulat kung bakit mahalagang magkaroon ng mabuting ugnayan.




Binabati kita dahil natapos mo ang iyong modyul!

# Sanggunian

Adriano, Ma. Corazon V., etal. (2017).Araling Panlipunan Kagamitan ng Mag-aaral Unang Baitang pahina 122-124 Geumcheongu, Seoul,Korea

K to 12 Curriculum Guide,Araling Panlipunan 1

# Susi sa Pagwawasto

Subukin

1.
2.
3.
4.
5.



Balikan

1./
2./
3./
4./
5.x

Tuklasin

1.B
2.A
3.A
4.A

Pagyamanin

A.
1.e
2.a
3.c
4.b
5.d

B.
1.b
2.c
3.e
4.a
5.d

Isaisip

1.nagmamahalan
2.makipagtulungan
3.pakikipag-ugnayan

Isagawa

1.
2.
3.
4.
5.



Tayahin

1.pakikipaglaro
2.pagbisita
3.pagtanggap
4.paghingi

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph